Filipino Tagalog

# Mga karapatan at responsibilidad ng mag-aaral sa AMEP

## Ang iyong mga karapatan

Bilang iyong tagapagbigay-servisyo ng AMEP kami ay:

- Magbibigay sa iyo ng mataas na kalidad na pagsasanay sa wikang Ingles, gabay at suporta upang makatulong sa iyong paninirahanan sa Australia.
- Magbibigay sa iyo ng ligtas at mapagsuportang kapaligiran sa pag-aaral at kawani na may angkop na kasanayan at karanasan.
- Magseseryoso sa iyong mga alalahanin at reklamo at tutugunan namin ang mga ito nang maagap.
- Makikitungo sa iyo sa isang pamamaraang patas, magalang at sensitibo sa kultura.
- Kasama mong magpapaunlad ng indibidwal na landas sa pag-aaral ayon sa iyong mga pangangailangan, kasanayan, layunin at personal na kalagayan.
- Mag-uugnay sa iyo sa paninirahanan at iba pang mga serbisyong pansuporta at gagabay sa iyo sa mga landas na post-AMEP na may kaugnayan sa iyo.
- Magbibigay sa iyo ng libreng pangangalaga sa bata na naaangkop sa kultura para sa iyong mga anak (na mas bata sa edad na nag-aaral) habang ikaw ay dumadalo sa mga klase ng AMEP.
- Manghihikayat sa iyong sulitin ang iyong karanasan sa AMEP.

## Ang iyong mga responsibilidad

Bilang kliyente ng AMEP inaasahan kang:

- Dumalo at makilahok sa mga klase, magkumpleto ng takdang aralin at akuin ang responsibilidad para sa iyong pag-aaral.
- Makipag-ugnay sa iyong tagapayo sa AMEP kung hindi mo magawang dumalo sa isang klase para sa anumang dahilan.
- Ipaalam sa amin kung balak mong umalis sa AMEP.
- Makitungo sa mga guro, tagapayo ng AMEP, kaklase at iba pang mga tao nang patas, magalang, at nang may pagiging sensitibo sa kultura.
- Sumunod sa mga hakbang na tinukoy sa iyong Gabay sa Indibidwal na Landas (IPG) at abisuhan ang iyong tagapayo sa AMEP kung nais mong gumawa ng pagbabago.
- Kumilo alinsunod sa mga patakaran at alituntunin ng mag-aaral.